Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 19
Oktubre 7, 2008
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Rebolusyonaryong pakikibaka, tugon sa krisis sa kapitalismo



Ibayong kahirapan at pagdarahop ng mamamayan ang idinudulot ng kinasasadlakang resesyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Unang tinatamaan ngayon ng mga dagok ng krisis ang mga manggagawa at iba pang mamamayang Amerikano—laluna ang milyun-milyon at dumaraming walang trabaho at baon sa utang. Mas matitindi pang dagok ang idinudulot ng krisis sa mamamayan ng nakararaming naghihirap na bansa sa daigdig.

Niyanig nitong nakaraang buwan ang sistemang pampinansya sa US ng pagbagsak ng pinakamalalaking kumpanya sa pinansya sa bansa. Sinundan ito ng pagguho ng marami pang malalaking kumpanya sa pinansya sa Europe at Asia.

Ang kinalulubugan ngayong krisis ng US ang siya nang pinakamatindi sa loob ng nakaraang 80 taon. Tinatayang tuluyan itong tutungo sa depresyon pagsapit ng 2009. Sa paglala ng kasalukuyang krisis sa pinakasentro ng pandaigdigang kapitalismo ay tiyak na hihilahin nito ang buong pandaigdigang sistemang kapitalista.

Umaabot na sa trilyong dolyar ang iniluluwal ng US at iba pang kapitalistang bansa upang isalba ang mga nagbabagsakang kumpanya sa pinansya at pigilan ang paglala pa ng krisis. Pero nagbunsod lamang ito ng panibagong mga pagbagsak ng mga pamilihan sa pinansya, lalupa't pinatingkad lamang nito ang inabot nang lala ng krisis.

Habang papalala ang krisis, ibayo pang mabibigat na dagok ang idudulot nito sa ilang bilyong manggagawa at iba pang masang anakpawis sa daigdig, laluna sa nakararaming malakolonyal at malapyudal na bansa. Mahigpit na nakasalalay ang mga ekonomya ng mga ito sa US at iba pang pangunahing kapitalistang bansa. Ipinapapasan sa mga ito ang imperyalistang krisis na nagbubunga ng ibayong pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon, malawakang pang-aapi at kahirapan sa mamamayan.

Bunga ng ibayong kahirapan at pagdarahop na idinudulot ng krisis sa US at buong pandaigdigang sistemang kapita-

Mga tampok sa isyung ito...

Papatinding krisis ng kapitalismo PAHINA 2

Rebolusyonaryong klinikang bayan sa Albay PAHINA 8

43 bahay ng mga Moro, sinunog ng militar PAHINA 13

lista, natutulak ang nakararaming naghihirap na bansa, ang daan-daang milyong manggagawa at nagdarahop na mamamayan at ang kanilang mga rebolusyonaryong pwersa sa buong daigdig na labanan ang paghahari, pang-aapi at pagsasamantala sa kanila ng mga imperyalista at lokal na mga kasabwat nito at kamtin ang kalayaan at pag-unlad.

Habang lumalala at dumadalas ang krisis ng kapitalismo na yumayanig sa mismong mga sentro nito at naghahasik ng kapinsalaan sa buong mundo, lalong nagiging malinaw sa mamamayan ng daigdig ang tungkulin nilang wakasan ang sistemang ito at ipundar ang sistemang magtataguyod sa kanilang interes.

Sa kasaysayan ng kapitalismo, ang bawat pagsadsad nito sa krisis ay lalong nagtutulak sa proletaryado at mamamayan na pag-ibayuhin ang kanilang laban upang ipagtanggol ang kanilang interes at kapakanan at isulong ang rebolusyon.

Napakapaborable ng kasalukuyang sitwasyon para pukawin, organisahin at pakilusin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa hanay ng proletaryado at malawak na mamamayan sa buong mundo laban sa imperyalismo, mga kasabwat nito at lahat ng reaksyon. Kasabay ng pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon sa mga kapitalistang bayan, sa Pilipinas at iba bang malakolonyal at malapyudal na bansa, dapat pag-ibayuhin ang pagsusulong at paglulubos ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. AB

Papatinding krisis ng kapitalismo

Ang sumisidhing krisis pampinansya at lumalalim na resesyon sa US at buong daigdig ay pinakahuli lamang sa mga katulad na krisis na yumanig sa sistemang kapitalista sa kasaysayan. Natatangi ang tindi ng kasalukuyang krisis—pinakamalubha na ito mula noong Great Depression ng dekada 1930 at tinatayang lalala pa pagsapit ng 2009.

Sunud-sunod ngayong bumabagsak ang malalaking bangko at institusyong pampinansya, habang tuluy-tuloy na bumabagal ang produksyon, lumalawak ang disempleyo, kumikitid ang pamilihan at tumitindi ang kahirapan ng mga manggagawa at ordinaryong mamamayan.



Ang monopolyong kapital sa pinansya

Ayon sa akda ni Vladimir Lenin na *Imperyalismo, Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo,* "umabot na ang pag-unlad ng kapitalismo sa yugto na kahit 'namamayani' pa ang produksyon ng kalakal at nananatili pa itong batayan ng buhay pang-ekonomya, sa katunaya'y binabagbag na ito ng kapitalismong pampinansya hanggang sa ang bulto ng mga tubo ay kinakamkam na ng mga 'henyo' ng manipulasyon sa pinansya."

Sa panahon ng pagkabulok ng kapitalismo makaraan itong rumurok, lumaki nang lumaki ang sobrang kapital na hindi na ipinupuhunan sa produksyon. Ang papalaki nang papalaking sobrang kapital ay umiikot na lamang sa mga pamilihang pampinansya. Lumilikha ito ng "bula" o ilusyon ng pang-ekonomyang pag-unlad na walang makabuluhang produksyon.

Ang di produktibong sobrang kapital ay hinihigop ng mga mono-

ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 19 Oktubre 7, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal : Rebolusyonaryong pakikibaka, sagot sa krisis sa kapitalismo 1
Papatinding krisis ng kapitalismo 2
Hindi ligtas ang Pilipinas 6
Nakalkal na mga kaso ng korapsyon 7
Ulat koresponsal
Rebolusyonaryong klinikang bayan sa Albay 8
Val Mante, masayahing rebolusyonaryo 9
Pananalanta ng pasistang estado
Pagdukot sa mga aktibista 11
Mga armadong sagupaan sa Maguindanao 12
43 bahay, sinunog ng militar 13
Balita 14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

polyong kapitalista sa pinansya—yaong mga nasa tuktok ng malalaking bangko at institusyong pampinansya na mayroon ding mapagpasyang kontrol sa industriya, agrikultura, komersyo at serbisyo. Nakapagkakamal sila ng napakalalaking supertubo nang hindi lumilikha ng tunay na halaga sa anyo ng mga kalakal. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng manipulasyon, panlilinlang at pandaraya sa pagpapautang, pamimili at pagbebenta ng mga sapi, bono, seguro, sanla at iba't iba pang mga instrumentong pampinansya.

Nililinlang nila ang publiko at minamanipula ang pamilihan sa pamamagitan ng *insider trading* o maramihang pagbili at pagbenta ng sariling sapi, pagduduktor sa kanilang mga libro ng kwenta upang palabasing kumikita ng malaking tubo ang mga ito o pagpapakalat ng gawa-gawang mga balita. Sa ganitong mga paraan, maaari nilang itaas o ibagsak ang presyo ng mga sapi depende sa kanilang interes.

Noong 2006, ang halaga ng mga ari-ariang pampinansya ay tatlo't kalahating ulit na mas malaki sa halaga ng pandaigdigang produksyon. Ang halaga ng samutsaring instrumentong pampinansya ay lumaki nang 16 na ulit mula $12 trilyon noong 1980 tungong $190 trilyon noong 2007. Trenta porsyento nito ay nasa US.

Noong 1980, ang mga ari-ariang pampinansya sa US ay apat na beses nang mas malaki sa halaga ng produksyon. Lumaki pa ito nang siyam na ulit pagsapit ng 2007. Noong katapusan ng dekada 1990, ang tubo sa pamumuhunang pampinansya sa US ay umabot na sa 40% ng kabuuang tubo. Sa kabilang banda, nag-ambag lamang ito ng 5% sa nilikhang empleyo. Sa ngayon, umaabot nang 14 na ulit ng kabuuang halaga ng produksyon ang kabuuang halaga ng umiikot na mga papeles sa pautang sa US.

Nitong nagdaang mga taon, ang ilusyon ng paglawak ng ekonomya ng US at iba pang kapitalistang bansa ay nililikha sa pamamagitan ng ibayong paglalarga at pagnenegosyo ng mga pampinansyang instrumento at malakihang pamumuhunan ng sobrang kapital sa mga pamilihang pampinansya. Paulit-ulit na naglalaho ang ilusyong ito. Sa bawat pagkakataon, nagdudulot ito ng mas malaking pinsala kumpara sa nakaraan.

Ganito ang nangyari sa US noong dekada 1980 (matapos ang malaking pamumuhunan sa *real estate* o pagpapaunlad at pagbebenta ng mga lupain at gusali), noong katapusan ng dekada 1990 (ang tinatawag na *internet technology* o *"dot com boom"),* noong pumutok ang pampinansyang krisis sa Asia noong 1997 at noong pumutok ang bula ng *high tech* (o mataas na teknolohiya) noong 2000-2001.

Ang kasalukuyang krisis sa pinansya sa US ay nagsimula sa dambuhalang ispekulasyon at manipulasyon na lumikha ng "bula sa pabahay."

Itinulak ito ng rehimeng Bush sa US sa layong ibangon ang ekonomya ng US na nasa resesyon noong 2000 sa pamamagitan ng pageengganyo ng malawakang konstruksyon ng mga pabahay.

Todo-todong niluwagan ang mga kundisyon at ibinaba ang interes sa pautang para sa pabahay sa antas na pinakamababa sa buong kasaysayan ng US. Sinagpang ito ng mga kapitalista sa pinansya na nangutang nang lampas-lampas sa

$700 bilyong pansalba sa mga kapitalista sa pinansya

Matinding galit ng mamamayan ang inaani ng gubyernong Bush matapos nitong pagtibayin ang Troubled Asset Relief Program na naglalaan ng $700 bilyon upang isalba ang mga higanteng bangko at institusyong pampinansya sa pamamagitan ng pagbili sa mga ari-arian nitong di na mabenta.

Galit na galit ang ordinaryong mga Amerikano dahil papasanin nila ang karagdagang buwis na wala naman makabuluhang pakinabang para sa kanila. Habang nagkakandarapa ang milyun-milyong Amerikano sa pagkakabaon sa utang, nakatuon ang programa ng gubyernong Bush sa pagsasalba ng mga bilyonaryong upisyal ng mga bangko na silang nagsadlak sa mamamayan sa krisis.

Wala hahantungan ang pondong ito kundi kabiguan. Walang anumang probisyon ang mga hakbangin para iwasto ang operasyon ng mga kapitalista sa pinansya na labis-labis na nakapagpayaman sa pamamagitan ng manipulasyon, panlilinlang at pandaraya.Wala rin itong inihahapag na solusyon sa nagpapatuloy na krisis sa pabahay sa US. At lalong walang nagagawang hakbangin para masuportahan ang tunay na ekonomya, pasiglahin ang produksyon, kalakalan at empleyo at ibsan ang kahirapan ng mamamayan.

Duda maging ang mga mamumuhunan na may magagawa ang pondong ito para pigilan ang lalong paglalim at paglawak ng resesyon sa US at buong mundo. Katunayan, tuluy-tuloy na bumabagsak ang mga pamilihan ng sapi sa US, Europe at Asia kahit matapos itong pagtibayin. AB

kanilang kapital at kapasidad na magbayad. Naglarga ang mga ito ng malawakang konstruksyon ng mga bahay at madaliang pagpapautang para sa pabahay. Ibinenta sa iba nang ilang ulit ang mga papeles ng sanla hanggang sa lumobo ang halaga nito nang lagpas-lagpas na sa tunay na halaga ng mga bahay.

Noong una, naitulak nito ang malawakang konstruksyon sa pabahay. Subalit pagsapit ng 2005, nagsimulang bumagsak ang halaga ng mga bahay, tumumal na ang konstruksyon at dumami nang dumami ang kaso ng mga di makapagbayad ng sanla. Nitong 2008, umabot na sa 4.2 milyon ang nailit na di mabayarang bahay at mahigit 10 milyon pa ang tiwangwang at di na maibenta. Umabot sa mahigit $12 trilyon ang pinansyang nailaan sa "bula ng pabahay". Dahil ang kalakhan nito'y hirap o hindi na mabayaran, pumutok ang bula at nagsibagsakan ang namuhunan ditong malalaking kumpanya sa pinansya sa US at iba pang imperyalistang bansa.

Krisis ng sobrang produksyon

Ang sobra-sobrang paglaki ng pampinansyang kapital na malayo na sa tunay na ekonomya ay salamin ng patuloy na lumalalang krisis ng sobrang produksyon sa panahon ng pangingibabaw na ng malalaking kapitalista sa pinansya sa kabuuan ng ekonomya. Nitong nakaraang dalawang dekada, walang lumitaw na mga bagong larangan ng pamumuhunan at pamilihan kung saan maaaring mailagak at mapalago ang kapital. Kaya kalakhan nito ay pinagugulong na lamang sa mga instrumentong pampinansya.

Ang kakitiran na ng mga bagong mapaglalagakan ng sobrang kapital sa sariling bansa ay sinisikap pa ring pangibabawan ng mga imperyalista sa pamamagitan ng pag-eeksport ng kapital at pagtatambak ng mga sobrang produkto sa mga neokolonya.

Mula noong katapusan ng dekada 1980 ay ipinapataw na ng imperyalismong US ang patakarang "globalisasyon" sa layuning mapwersa ang iba pang bansa laluna ang mga neokolonya na tanggalin ang mga proteksyon sa kanilang ekonomya at ibayo pang magbukas sa pagpasok ng dayuhang kapital at produkto. Nagbigay-daan ito sa ibayong pagsasamantala sa murang lakas-paggawa, pagdambong sa likas na yaman at pagtatambak ng mga sobrang kalakal sa mga neokolonya. Inudyok din ng mga imperyalistang kapangyarihan ang mga digmaan sa hangaring mapahigpit ang kontrol nila sa mga pinagkukunan ng langis, mapalawak ang teritoryo nila sa pamumuhunan at pamilihan at mapasikad ang produksyong militar.



Gayunpaman, bigo ang lahat ng mga ito para makabuluhang maiahon ang US at ang pandaigdigang sistemang kapitalista mula sa pagkakabahura nito sa krisis ng sobrang produksyon at paulit-ulit na mga siklo ng resesyon.

Proletaryong rebolusyon ang solusyon

Sa ilalim ng kapitalismo, likas na paulit-ulit na sasambulat ang

Bagsak na produksyon at lumalalang disempleyo sa US

Pinakamababa ngayon ang antas ng produksyon sa US sa loob ng nakaraang pitong taon. Umaabot sa 43.5% na lamang ang antas ng paggamit ng materyales—indikasyon na lumiliit ang produksyon. Mula pa noong Agosto, nang bumaba na ito sa 49.9% ay itinuturing nang nasa resesyon ang produksyong industriyal sa US. Tinatayang patuloy pa itong dadausdos pagsapit ng 2009.

Bunsod nito, pinakamataas na rin ang antas ng disempleyo sa US sa loob ng nakaraang limang taon. Nito lamang Setyembre ay umabot sa 159,000 ang natanggal sa trabaho, pinakamalaking buwanang bilang na naitala nitong nakaraang anim na taon. Siyam na buwan nang tuluy-tuloy na lumiliit ang empleyo. Umabot na sa 760,000 ang nasisante ngayong taon at 9.5 milyon (o 6.1% ng pwersa sa paggawa) na ang kabuuang bilang ng mga walang trabaho sa US. Umaabot na sa 11% ang kulang sa trabaho sa US, ang pinakamataas nang antas nitong nakaraang 14 na taon. AB

matitinding krisis pang-ekonomya. At sa bawat pagsambulat ng krisis, magdudulot ito ng papalaking pinsala sa bilyun-bilyong mamamayan sa buong mundo. Para sa uring manggagawa at nakararaming mamamayan, walang ibang pangmatagalang solusyon sa paulit-ulit at pangkalahatang krisis ng kapitalismo kundi ang pagsusulong at pagtatagumpay ng proletaryong rebolusyon.

Sa pamamagitan nito, tuluyang mabibigyang-wakas ang kapitalismo at maitatayo ng proletaryado at iba pang mamamayan ang abanteng sistemang pang-ekonomya kung saan nasa kamay ng mga prodyuser ang kapital upang planuhin at paunlarin ang sosyalisadong produksyon at distribusyon ng mga produkto at yaman. Sa gayon, matitiyak ang patas, makatarungan at balansyadong pagtugon sa mga saligan at mahahalagang pangangailangan ng lahat at ang lahatang-panig na pag-unlad ng kanilang buhay. AB

Patuloy ang pagbagsak ng mga bangko sa US

Patuloy na lumalala ang krisis sa sistemang pampinansya sa US. Matapos bumagsak ang ilang higanteng bangko at institusyon sa pinansya noong nakaraang buwan, sumunod na nagsibagsakan ang marami pang malalaking kapitalista sa pinansya sa US. Sa kabila ng nailaan nang dambuhalang pondong pansalba sa mga ito, tinatayang aabot sa 100 pang mga bangko sa US na may hawak na mahigit $1 trilyong mga deposito ang babagsak hanggang sa susunod na taon.

Bumagsak nitong katapusan ng Setyembre ang Washington Mutual (WaMu), ang pinakamalaking bangkong bumagsak sa kasaysayan ng US. Binili ng JP Morgan Chase sa baratilyong halagang $1.9 bilyon ang operasyon at ari-arian ng WaMu na nagkakahalagang $301 bilyon. Nagsimula itong malugi sa dami ng binili nitong mga papeles ng sanla na hindi nabayaran. Bumagsak nang 80% ang halaga ng mga sapi nito ngayong taon.



Nabalam naman ngayon ang balak ng Wells-Fargo na lamunin ang bangkong Wachovia, isa sa pinakamalalaking kumpanya sa pinansya sa US. Nagsimulang bumagsak ang Wachovia makaraan ang paluging pagbili nito noong Oktubre 2006 sa Golden West Financial Corporation (GWFC). Nalugi ang GWFC sa pagpapautang nito sa pabahay sa US. Nitong nakaraang tatlong kwarto, higit pang nalugi ang Wachovia nang $17 bilyon at naobligang magsisante ng mahigit 10,000 empleyado. AB

Pagkalat ng krisis sa Europe at Asia

Mabilis na kumakalat ang krisis sa mga pamilihang pampinansya sa Europe at Asia. Matapos ianunsyo ng France noong nakaraang linggo na nasa resesyon na ito, tinatayang sasadsad rin ang ekonomya ng mga pangunahing kapitalistang bansa sa Europe.

Magkakasunod na nalagay sa bingit ng pagbagsak ang mga bangko, bagay na nagtulak sa mga gubyerno ng Europe na kumilos para isalba ang mga iyon. Sinalba ng Germany ang Hypo Real Estate, ang ikaapat na pinakamalaking bangko roon. Bago ito, kumilos ang European Central Bank at ang Belgium, The Netherlands at Luxembourg (Benelux) na isalba ang bangkong Fortis at ang Dexia. Ang bangkong Bradford & Bingley (B&B) ng United Kingdom ay binili ng bangkong Santander ng Spain at ng gubyernong UK. Isinailalim naman sa kontrol ng gubyerno ng Iceland ang Glitnir, ang ikatlong pinakamalaking bangko roon.

Upang pakalmahin ang malawakang pangamba ng mamamayan na magsisibagsakan ang mga bangko, nag-anunsyo ang Ireland, Greece, Germany, Austria at Denmark na gagarantiyahan nila ang lahat ng mga nakadeposito sa mga bangko. Gumawa ng katulad na desisyon ang UK. Nakasalang ngayon ang mungkahi na magbuo ang mga gubyerno sa Europe ng pondo para isalba ang mga bangko.

Sa harap nito, magkakasabay na sumadsad ang mga pamilihan ng sapi sa Europe at Asia nitong Oktubre 6. Bumagsak nang 9.04% ang Cac-40 *index* ng France—pinakamalaking pagbagsak nito sa kasaysayan. Bumagsak din ang FTSE 100 ng London (7.85%), ang Nikkei *index* ng Japan (4.3%), ang Hang Seng *index* ng Hong Kong (5%), RTS Index ng Russia (19.1%) at mga pamilihan sa Indonesia (10%), Brazil (15%) at iba pang bansa. AB

Hindi ligtas ang Pilipinas

Taliwas sa paulit-ulit na pagtanggi ng rehimeng Arroyo, hindi ligtas ang Pilipinas sa krisis sa pinansya sa US at buong daigdig. Katunayan, tiyak na malalakas na hambalos ang daranasin ng bansa habang papalala ang krisis sa US at buong mundo.

Sa ngayon, isa sa mga tampok na kagyat na epekto ay ang pagkalugi ng ilang lokal na bangko na namuhunan sa malalaking institusyong pampinansya ng US. Pitong lokal na bangko ang agad na direktang naapektuhan nang gumuho ang Lehman Brothers noong Setyembre. Umaabot sa $386 milyon (₱17.37 bilyon sa palitang $1:₱45) ang ipinuhunan dito ng Banco de Oro ($134 milyon), Development Bank of the Philippines ($90 milyon), Metropolitan Bank and Trust Co. ($17 milyon), Standard Charters Bank-Manila ($26 milyon), Bank of Commerce ($15 milyon) at ang United Coconut Planters Bank ($10 milyon).

Kasabay nito, inianunsyo na ng American International Group (AIG) na ibebenta nito ang Philam-Life at iba pang kumpanyang pagaari nito sa Pilipinas. Nakatakdang ibenta rin nito ang Philam Asset Management Inc. (PAMI), ang lokal na institusyong pampinansya ng Philamlife. Isa sa mga pinamamahalaan ng PAMI ang Government Security Insurance System (GSIS) Mutual Fund na nagkakahalaga ng ₱3.2 bilyon.

May ilan pang kumpanya at institusyon na nananahimik sa kanilang mga pagkalugi. Isa rito ang GSIS na tinatayang may abot bilyong dolyar na ipinuhunan sa US at iba pang pamilihang pampinansya sa ibayong dagat.

Higit pa sa mga ito ang buong saklaw ng krisis pangkabuhayang nagbabadya sa bansa. Ang kumakalat na pandaigdigang krisis ay tiyak na lalo pang maglulugmok sa bansa sa kinalulubugan na nitong krisis. Ang Pilipinas ay nasasadlak sa permanenteng krisis bunsod ng pagiging malakolonya nito ng US at ng pagkaatrasado at pagiging malapyudal at bangkarote ng lokal na ekonomya. Higit pang tatampok ang mapangwasak na mga epekto ng imperyalistang patakaran ng "globalisasyon" sa mga produktibong pwersa at kakayahan ng bansa na makatayo sa sarili.

Ang paglala ng krisis sa US at iba pang malalaking kapitalistang bansa ay magdudulot ng paghina ng mga eksport, pamumuhunan, produksyon, empleyo at konsumo sa bansa. Ang US ang huling hantungan ng kalakhan ng eksport ng Pilipinas. Ang pagtumal ng produksyon sa US ay mangangahulugan din ng pagtumal ng mga eksport doon mula sa bansa. Pinakaapektado ang sektor ng malamanupaktura at reeksport, tulad ng elektroniks at kasuotan, at ang sektor ng agrikultura. Sa gayon, inaasahang lalaki pa ang depisit sa balanse ng kalakalan.



Lalo pang dadausdos ang ekonomya ng bansa bunsod ng paghina ng pamumuhunan mula sa US at iba pang pangunahing kapitalistang bansa. Umaabot sa 54% ng pamumuhunan sa ekonomya ng Pilipinas ang nagmumula sa mga dayuhan at halos kalahati nito ay mula sa US.

Nitong nakaraang taon, bumagsak nang 57.9% ang direktang dayuhang pamumuhunan *(foreign direct investments)* sa bansa. Mula naman noong 2005 ay papalaki na rin ang paglabas ng *portfolio investments*—labas-masok na dayong pamumuhunan sa lokal na *stock market*. Nitong unang walong buwan ng taon, mas malaki na nang $209 milyon ang lumabas kumpara sa pumasok na *portfolio investments*. Tinatayang lalo pang bibilis ang pagluwas ng dayong puhunan sa paglala ng resesyon sa US.

Malaking paghina ang idudulot ng pag-atras ng dayuhang kapital sa ekonomya ng Pilipinas. Pinalalala nito ang sitwasyon kung saan halos walang saligan at estratehikong industriya na nasasandigan ang lokal na ekonomya. Patuloy pa ang pagliit ng bahagi ng ekonomya na nakatuon sa produksyon (17% na lamang ngayon sa agrikultura at 20% sa manupaktura).

Sa kalaunan, hindi ligtas maging ang mga remitans ng mga migranteng manggagawa na siyang panguhaning sumusuhay sa bangkaroteng ekonomya. Ang mahigit $4 bilyon na kada kwarto na ipinapadalang

remitans ng mga migranteng manggagawa ay tiyak na maaapektuhan habang binabayo ng krisis ang US at iba pang mga bansa. Daranas ng pagbagsak ang mga sektor ng ekonomya na nakasandig sa paglaki ng mga remitans mula sa ibayong dagat, tulad ng sektor sa telekomunikasyon at serbisyong *wholesale* at *retail*. Higit pa rito, tiyak na titindi ang pagsasamantala sa mga migranteng manggagawa at paglala ng pang-aatake sa kanilang mga karapatan at kagalingan.

Ang "solusyon" ng papet na rehimeng Arroyo para makaahon pa umano ang ekonomya ng bansa sa harap ng lumalalang krisis sa US at daigdig ay ang pagpataw ng karagdagang buwis, karagdagang pangungutang, pagsasapribado ng natitirang ari-arian ng estado (kabilang ang mga sapi nito sa Petron) at ibayong pagbukas ng ekonomya sa mga dayuhan. Habang naghihirap ang mamamayan, walang awat naman si Arroyo at mga alipures sa pagnanakaw sa kabang-yaman.

Asahan ang pagtutulak pa ng US at ng papet na rehimen ng mga patakaran at hakbanging nakatuon sa pagtatanggal ng anumang natitirang proteksyon sa pambansang patrimonya at sa interes ng mga magsasaka at manggagawa—kabilang ang matagal nang itinutulak na pagbabago sa konstitusyon ng Pilipinas.

Ibayong bubuksan ng mga patakaran at hakbanging ito ang ekonomya at likas na yaman ng bansa sa pandarambong ng mga imperyalista at lokal na kasabwat nilang malalaking kapitalistang kumprador at burukrata ng gubyerno. Sa halip na makalutas sa krisis, ibayo pang pagdausdos ng ekonomya at dagdag-hirap sa mamamayan ang ibubunga ng ireresulta nitong mas malalang pagdausdos ng produksyon, paglaki ng disempleyo, pagtaas ng implasyon at pagbawas ng mga saligang konsumo. AB

Dagdag na mga kaso ng korapsyon, nakalkal

Hindi mapigilan ng rehimeng Arroyo ang tuluy-tuloy na pagkakabunyag ng mga kaso ng korapsyon ng mga pinakamalalapit na alyado nito. Karamihan dito ay nakalkal ng Commission on Audit (CoA) na dagdag na mga anomalya sa Department of Agriculture (DA) at Road Board Secretariat (RBS) at ibinunyag ng partidong Bayan Muna na korapsyon sa AFP.

Daan-daang milyong piso, inilihis ng DA papunta sa mga pekeng organisasyon. Di bababa sa ₱444 milyong pondo ang inilihis ng Department of Agriculture (DA) noong 2007 tungong 16 na pribadong organisasyon na karamihan ay mga pekeng *foundation*. Ang halagang ito ay bahagi ng ₱600 milyong pondo sa agrikultura na hawak ni Sec. Arthur Yap ng Department of Agriculture DA, masigasig na opereytor ng mga kurakot ni Gloria Arroyo.

Mula sa ₱600 milyon, ipinamahagi ang ₱235 milyon bago ang eleksyong lokal noong Mayo 2007. Ayon sa ulat ng Commission on Audit, malaking bahagi ng pondo ay mula sa Priority Development Assistance Fund (PDAF) ng mga kongresista. Ibinigay ang pondo sa DA para sa mga maanomalyang programa ng departamento. Pangunahin na rito ang Ginintuang Masaganang Ani ni Arroyo.

Ayon sa CoA, pinakamalaki ang natanggap ng Antipolo Philanthropy Foundation, Inc. (APFI) at ng tagapangulo nitong nagngangalan umanong Johnny Tan. Tumanggap ito ng ₱146 milyon noong 2007 at karagdagang ₱30 ngayong taon. Sa pagsisiyasat ng CoA, eskwelahan ang nakatayo sa *address* ng *foundation* sa Antipolo City na nakasaad sa mga dokumento nito.

Pinaghahatian naman ng iba pang di kilala at kaduda-dudang organisasyon ang natira pang ₱289 milyon. Marami sa mga organisasyong ito ay hindi man lamang rehistrado at walang matagpuang mga upisina.

Bilyun-bilyong piso mula sa Road User's Tax, nawawala. Hindi natanggap ng mga rehiyon ang ₱10 bilyong pisong pondo mula sa Road User's Tax na ipinamahagi umano sa kanila noong 2004 para sa pag-

mamantine ng mga kalsada. Ilan sa mga nagbunyag nito ang mga *district office* ng Department of Public Works and Highways (DPWH) sa Cagayan, Isabela at Nueva Vizcaya na tumanggap umano ng mahigit ₱1 bilyon noong taong iyon.

Ipinatayo rin umano ang isang gusali ng Land Transportation Office (LTO) sa Region 3 at isa pa sa Region 11 na nagkakahalaga ng halos ₱30 milyon, gamit ang pondo mula sa Road User's Tax. Subalit nang siyasatin ito ng CoA ay napag-alamang hindi man lamang nasimulan ang konstruksyon ng gusali sa Region 11 at yaong sa Region 3 ay hindi pa natatapos.

Samantala, 70 tauhan ng Road Board Secretariat ang nagregalo sa sarili ng *bonus* noong 2005 na nagkakahalaga ng ₱146.9 milyon. Bawat isa sa kanila ay tumanggap ng ₱2 milyon bilang benepisyo at *incentive bonus*. Mula sa Road User's Tax ang pondong pinaghatihatian ng mga tauhan ng RBS.

Ang RBS ay isang ahensya sa ilalim ng DPWH. Sa panahon ng tig-₱2 milyong bonus, pinamumunuan ang RBS ni Dodie Puno, kapatid ni Sec. Ronaldo Puno ng Department of Interior and Local Government. Nitong Hulyo lamang pinalitan ni Arroyo ang pamunuan ng RBS. Kabilang sa pamunuan ng RBS ang mga kalihim ng Department of Finance, Department of Public Works and Highways, Department of Budget at Department of Transportation and Communications.

Limang hepe ng PA, may ₱1.6 bilyong walang ulat na *cash advances*. Inilantad ni Bayan Muna Rep. Satur Ocampo na umaabot sa ₱1.6 bilyon ang pinagsama-samang walang ulat na *cash advances* ng limang hepe ng Philippine Army sa loob ng limang taon (2003-2007). Ibinatay ni Ocampo ang impormasyon na ito sa ulat ng Commission on Audit. Nakasaad rito ang ₱997.4 milyong *unliquidated cash advances* noong 2003 sa termino ni Abu; ₱103.5 milyon noong 2004 sa termino Gen. Generoso Senga; ₱69.8 milyon noong 2005 sa termino ni Gen. Hermogenes Esperon; ₱90 milyon noong 2006 sa termino ni Lt. Gen. Romeo Tolentino; at ₱335.6 milyon noong 2007 sa termino ni Yano.

Ayon kay Ocampo, kabilang sa pinagkagastusan umano ng mga *unliquidated cash advances* ang hindi angkop na paggamit ng pondo at ang mga hindi ipinamahaging uniporme at mga kagamitan sa ilang pinakamalalaking dibisyon ng Army. Ayon sa kongresista, naiulat ang hindi pamamahagi noong 2007 ng mga uniporme at kagamitang nagkakahalaga ng ₱5.7 milyon sa 5th at 7th ID. Napaulat din ang pinalobong bayad sa mga elemento ng Citizens Armed Forces Geographical Unit (₱1.9 milyon sa 5th, 7th at 8th ID) at ang dobleng ulat ng pangalan ng mga sundalo o *serial number* sa mga gastusin na nagresulta sa dagdag na ₱2.5 milyong gastos ng 6th ID. AB

MGA ULAT KORESPONSAL

Rebolusyonaryong klinikang bayan sa Albay

(Ang sumusunod ay ulat koresponsal na ipinadala ni Kasamang Greg Bañares, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol.)

Matagumpay na inilunsad ng mga medik ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa 13 barangay sa lalawigan ng Albay ang kampanyang pangkalusugan nitong buwan ng Hulyo at Agosto. Mahigit 1,000 mahihirap na mamamayan ang nabiyayaan ng rebolusyonaryong klinikang bayan na inorganisa ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Umabot sa 302 ang nakinabang sa libreng tsek-ap sa kalusugan, 273 ang nabunutan ng ngipin, mahigit isandaan ang ginamot sa pamamagitan ng *acupuncture* at 338 ang nabigyan ng gamot at bitamina. Nagtapos din ng pagsasanay-medikal ang 18 bagong medik na nagmula sa BHB at ilang kasapi ng mga komite sa kalusugan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa baryo.



Ang programang pangkalusugan ng rebo-

lusyonaryong kilusan ay bahagi ng komprehensibo at progresibong programang panlipunan na nakasaad sa 12-Puntong Programa ng NDF.

Bukod sa klinikang bayan, bahagi ng araw-araw na gawain ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang pangangalaga sa kalusugan ng mamamayan gamit ang tradisyunal at modernong medisina at pamamaraan ng panggagamot.

Kahit limitado ang rekurso ng Demokratikong Gubyernong Bayan sa kalagayang nakikidigma ito sa reaksyunaryong gubyerno, sinisikap nito sa abot ng makakaya na organisahin at sanayin ang mamamayan na sumalig pangunahin sa sariling lakas upang tugunan ang mga pangangailangang pangkalusugan sa halip na umasa sa bulok na programa sa kalusugan ng rehimeng US-Arroyo.

Kriminal na pananagutan ng rehimeng US-Arroyo ang pagpapabaya sa kalusugan at labis-labis na pagpapahirap sa mamamayan. Upang pagtakpan ang pananagutan nito sa mamamayang Pilipino, nagpapakulo ito ng mapanlinlang na mga *"medical mission"* at *"humanitarian mission"* na ginagamit ng AFP-PNP at dayuhang tropang Amerikano sa saywar at paniniktik laban sa armadong kilusan.

Sa kabilang banda, nilulunasan ng rebolusyonaryong kilusan hindi lamang ang karaniwang sakit ng mamamayan kundi ang talamak na sakit ng buong lipunan. Dahil dito, mahigpit na nabibigkis ang mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa iisang layuning wakasan ang kanser ng lipunan at magtayo ng isang lipunang tunay na malaya, demokratiko, maunlad at nakapagbibigay sa mamamayan ng tunay na serbisyong panlipunan. AB

Valerio Mante Jr. ("Ka Richard")

Ang masayahing rebolusyonaryo



Ang sumusunod ay hinalaw mula sa mga parangal ng National Democratic Front at Komiteng Rehiyon ng PKP sa Southern Mindanao.

Iginagawad ng masa, mga kasama at alyado ng Southern Mindanao ang pinakamataas na pagpupugay sa isa sa pinakamamahal at itinatanging kasama—si Valerio "Val" Mante Jr. ("Ka Richard"), na namatay sa isang karamdaman sa Davao City nitong Setyembre 22.

Limampu't walong taong gulang siya nang siya'y pumanaw. Isa siyang matapat na myembro ng Partido Komunista ng Pilipinas na naglaan ng pinakamalaking bahagi ng kanyang buhay sa walang pagiimbot na paglilingkod sa sambayanan. Nagpupugay tayo sa isang rebolusyonaryong lider na sadyang tumalikod sa kaginhawaan ng pamumuhay sa piling ng kanyang pamilya para manirahan sa kabundukan sa piling ng mga kasama at masang magsasaka.

Ang buhay ni Val Mante bilang rebolusyonaryo ay nagsimula sa simbahang Katoliko bago pa man ipataw ang batas militar. Una, bilang seminarista at kalaunan bilang aktibistang nagtataguyod sa karapatang-tao sa Tagum, nasaksihan ni Val ang labis na ligalig ng masang magsasakang lumalaban sa mga multinasyunal na kumpanyang agribisnes na nangangamkam sa kanilang lupain. Noong Sigwa ng Unang Kwarto, sumapi siya sa Khi Rho, isang organisasyong masang seryosong humarap sa mga suliranin ng mga magbubukid. Dahil sa kanyang mainit na pagtangkilik sa interes ng masang magsasaka, kumilos siya nang buong panahon sa kanayunan bilang Pulang mandirigma. Pero noo'y napagtanto niyang hindi pa siya handang manirahan sa kabundukan kaya bumalik siya sa lunsod. Nadakip siya sa syudad at naging detenidong pulitikal sa PC *barracks* sa Tagum nang isa't ka-

lahating taon. Pagkalaya niya mula sa detensyon ay bumalik siya sa Davao at muling nanguna sa hayag na demokratikong kilusang masa, sa pag-oorganisa ng mga rali at demonstrasyon. Kasama ang iba pang kabataang aktibista, pinamunuan niya ang isang martsa mula Tagum hanggang Davao para tutulan ang pang-aagaw sa lupain ng mga magsasaka.

Sa ilalim ng malagim na diktadurang US-Marcos, walang takot na kumilos si Val bilang tagapagtaguyod ng karapatang-tao. Naging tagapangulo siya ng Citizens Council for Justice and Peace (CCJP) sa Davao City, isa sa pinakamasisiglang organisasyon noon na nagtataguyod ng mga karapatang sibil. Kalaunan ay sumapi siya sa Nationalist Alliance for Justice, Freedom and Democracy kung saan kasama ng mga madre at iba pang taong simbahan, mga abugado at iba pang indibidwal ay sinuong ni Ka Val ang gawaing pag-oorganisa. Noong maagang bahagi ng dekada 1990 ay naging myembro siya ng Freedom from Debt Coalition. Naging pangkalahatang kalihim siya ng Bagong Alyansang Makabayan sa Southern Mindanao mula 1996-1998 at pagkatapos nito'y kumilos din siya sandali bilang organisador ng mga manggagawa. Halos 30 taon siyang nagsilbi nang tapat at buong puso sa ligal na demokratikong kilusang masa.

Subalit ninais ni Ka Val na mas higit pang makapaglingkod sa sambayanan. Pakiramdam niya'y limitado lamang ang kanyang nagagawa bilang ligal na aktibista sa kalunsuran. Aniya noong 1998: "Sa kasagsagan ng aking aktibismo ay nagpasya akong sumapi sa BHB. Iba't iba ang naging reaksyon ng mga taong malapit sa akin. Ang ilan ay masaya, at ang ilan ay may pagdududa. Hindi ito nakaapekto sa aking desisyong tuluyan nang lumahok sa armadong rebolusyon. Produkto ito ng mahaba at mahirap na pakikibaka sa pagiging makasarili, sa indibidwalismo at pagmamataas. Iniwan ko ang komportable kong buhay, ang aking pamilya at mga kamag-anak at iniwasan ko ang malalapit kong kaibigan. Ito ang pinakamatindi subalit pinakamahusay na desisyong nagawa ko sa aking buhay." Sa kanyang mga kaibigan, sinasabi niya lamang na, "*Dinhi man gyud ta paingon. Di ba giingon ni Mao nga 'go to the masses and live with them?*'" (Dito naman talaga tayo patutungo. Di ba't sinabi ni Mao na 'humayo kayo sa masa at makipamuhay sa kanila?')

Habang nahirapan siya sa simula sa simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka ng isang gerilya, ang lahat ng ito'y napangibabawan ni Ka Richard nang magaan ang loob. Kinagiliwan siya ng masa na hanap-hanap ang kanyang presensya at mga payo. Madalas

din siyang lapitan ng mga sangay ng Partido sa lokalidad para hingin ang kanyang pananaw hinggil sa samutsaring usapin. Respetado rin siya ng mga Pulang mandirigma sa kanyang kabaitan, katalinuhan sa pagbibigay ng payo at kababaan ng loob.

Sa kanayunan din natagpuan ni Ka Richard, isang bakla, ang makakatuwang niya sa buhay at pakikibaka. Ang kanyang kasal noong 2003 na nasaksihan ng ilang ligal na mamamahayag at nalathala sa mga pahayagan ay nagpatingkad sa pagkilala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pantay na karapatan ng lahat ng kasarian.

Ngunit kinaharap din ni Ka Richard ang ilang malalalim na tanong hinggil sa kanyang rebolusyonaryong komitment. Aniya: "Ano ba talaga ang ginagawa ng isang malumanay na aktibistang petiburgis sa isang sonang gerilya, sa piling ng mga Pulang mandirigma at maralitang magsasaka? Kaya ko bang paputukin ang aking baril sa harap ng kalaban? May lakas ng loob ba talaga akong hagisan ng granada ang kaaway tulad ng paghagis ko dati ng bato at mga plastik na may lamang dumi at dinurog na sili sa militar at pulis sa mga rali at demonstrasyon? Ang totoo'y hindi ko alam kung papaano ko tutugunan ang gayong mga tanong. Ang alam ko lamang ay narito ako, sa hanay ng mamamayang gusto kong makasama sa nalalabing panahon ng aking buhay."

Maraming naituro sa atin ni Ka Richard, ang rebolusyonaryong guro. Malalim ang kanyang gagap sa mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo; di matatawaran ang kanyang teoretikong kaalaman sa Marxismo-Leninismo. Ito'y di lamang dahil siya ang pinuno ng kawanihan sa instruksyon ng subrehiyon kundi dahil bilang Pulang mandirigma, nakipamuhay siya sa mga kasama at masa sa napakatagal na panahon at naisapuso niya ang kanilang rebolusyonaryong diwa. Pinakamahalaga rito, palagiang pinagsikapan ni Ka Richard na isabuhay ang kanyang mga itinuturo.

Sa kabila nito ay palagi ring masayahin at madaling makasama si Ka Richard. Napakagaan at nakatutuwa ang pagrerebolusyon kapag kapiling siya. Ang kanyang buhay ay nagsisilbing patuloy na inspirasyon sa lahat ng mga kasama at kaibigan na palagiang maging matatag at magpursige sa mahirap subalit dakilang mundo ng pambansa-demokratikong rebolusyon. AB

Patuloy ang pagdukot sa mga aktibista

Pagdukot sa mga ligal na aktibista ang pinakamatitingkad na kaso ng paglabag sa karapatang-tao na nakalap ng *Ang Bayan* nitong buwan ng Setyembre.

Setyembre 25. Iligal na inaresto ng mga elemento ng Negros Occidental Provincial Police Office (NOPPO) at ng *intelligence unit* ng 303rd IB ng Philippine Army si Mary Grace Delicano, kasapi ng GABRIELA. Si Delicano, 34, ay naghihintay ng sasakyan sa Gatuslao Street sa Bacolod Public Plaza nang siya ay damputin.

Ayon sa GABRIELA, inaresto si Delicano batay sa mandamyento de aresto na inilabas laban sa isang "alyas Kim" na sangkot sa isang nakawan sa Escalante City noong 2006. Inakusahan din siyang upisyal pampinansya ng Komiteng Larangan ng PKP sa Northern Negros. Itinanggi ni Delicano ang mga paratang sa kanya ng militar at pulisya.

Setyembre 21-22. Magkasunod na dinukot sa Dinalupihan, Bataan sina Nelson Balmania at Florencia Espiritu, mga organisador ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Ayon sa Karapatan, dumating si Balmania sa Barangay Daang Bago, Dinalupihan bandang alas-5 ng hapon ng Setyembre 21 upang makipagkita kay Espiritu. Sapilitan siyang pinasakay ng mga armadong lalaki sa isang puting Mitsubishi L-300 FB *van* na tumungo sa direksyon ng Pampanga.

Sa araw ding iyon, dumating si Espiritu sa Daang Bago bandang alas-7 ng gabi nang walang kamalay-malay sa kinahinatnan ni Balmania. Nag-*text* siya kay Balmania at sumagot ito na kinabukasan na lang sila magkita. Kinaumagahan, naghintay si Espiritu sa napagkaisahan nilang pagkikitaang lugar ngunit hindi sumipot si Balmania. Sa halip ay isang puting *van* na

Ilitaw si James Balao

Dinukot ng mga pinaniniwalaang elemento ng militar si James Balao, 47, myembro ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) noong Setyembre 17. Huli siyang nakita nang umalis siya sa kanyang bahay sa Fairview, Baguio City bandang alas-7 ng umaga noong Setyembre 17 para pumunta sa bahay ng kanyang mga magulang sa La Trinidad, Benguet. Ayon sa kanyang pamilya, noon pa mang Hunyo ay sinabi na ni James sa kanila na may napapansin siyang mga kahina-hinalang sasakyang bumubuntot sa kanya. Ayon sa Cordillera Human Rights Alliance, ito ang unang kaso ng *enforced dissapearance* sa Cordillera sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon.



Nagtapos si Balao ng Psychology at Economics sa University of the Philippines-Baguio. Naging punong patnugot siya ng *Outcrop,* pahayagang mag-aaral ng unibersidad. Pagkatapos ng kanyang pagaaral, nagtrabaho siya bilang mananaliksik ng Cordillera Studies Program at naging kasapi ng Cordillera Consultative Committee na noo'y pinamumunuan ni dating Rep. William Claver.

Isa si Balao sa mga tagapagtatag ng CPA. Signipikante ang mga naiambag niya sa pananaliksik ng CPA hinggil sa pagsusulong ng karapatan ng pambansang minorya at pagtatanggol sa lupang ninuno. Bilang istap naman ni Ponciano Bennagen, delegado sa 1986 Constitutional Commission, malaki ang naitulong niya lalung-lalo na sa paghahanda ng borador hinggil sa mga probisyon ng karapatan ng pambansang minorya sa konstitusyon ng 1986.

Kasalukuyan siyang pangulo ng Oclupan Clan Association.

Matibay ang paniniwala ng kanyang pamilya na ang paglahok ni Balao sa progresibong kilusan ng mamamayan ang naging sanhi ng pagdukot sa kanya ng mga ahente ng teroristang estado. AB

may lulang mga armadong lalaki ang dumating. Sapilitan siyang hinablot sa sinasakyan niyang traysikel at isinakay sa *van*.

Ayon sa Karapatan, aktibong sumusuporta ang dalawa sa organisasyon ng mga magsasaka sa Prado Siongco Village, Lubao, Pampanga na pinatatalsik sa kanilang lupain. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin natatagpuan sina Balmania at Espiritu.

Setyembre. Bigong pagpatay, pambubugbog, pagwasak sa ari-arian, pamamaril, sapilitang pangaalila, iligal na pag-aresto at pagdedetine, tortyur, iligal na panghahalughog, pananakot, pagbabanta sa buhay at harasment ang ilan lamang sa matitinding paglabag ng AFP sa karapatang-tao ng mga residente ng Sityo Payaw-Payawan, Barangay Nagbinlod, Sta. Catalina. Limampu't limang pamilya ang lumikas dahil sa pambomomba ng AFP noong unang hati ng Setyembre sa nasabing lugar. Maging ang mga kasapi ng KARAPATAN-Central Visayas, Kahugpungan Alang sa Ugma sa Mag-uuma sa Oriental Negros (KAUGMAON-KMP) at Promotion of Church People's Response na naglunsad ng *fact-finding mission* hinggil sa mga paglabag ay hinaharas at idinetine ng mga tropa ng AFP sa loob ng dalawang oras. AB

Mga armadong sagupaan sa Maguindanao

Mahigit 80 sundalo ng AFP ang napatay at nasugatan sa pinakahuling sagupaan sa pagitan nito at ng mga mandirigma ng Moro Islamic Liberation Front-Bangsamoro Islamic Armed Forces (MILF-BIAF). Ang mga sagupaang ito ay bunsod ng pagtutulak ng AFP na muling sakupin ang mga latiang baryo sa mga bayan ng Datu Piang, Datu Saudi Ampatuan at Guindulongan sa Maguindanao noong Setyembre 23 hanggang 29. Nawasak din ang dalawang tangke, dalawang trak at bahagyang nasira ang isang tangkeng Simba ng AFP. Bilang ganti, sinunog ng mga sundalo ng 64th IB ang mga kabahayan sa tatlong barangay sa Saudi Ampatuan. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo)*

Saudi Ampatuan. Noong hapon ng Setyembre 29, dalawampu't limang tropa ng 54th IB ang napatay nang masabugan ng bomba ang kanilang komboy sa pagitan ng mga barangay ng Pagatin at Madia sa bayan ng Datu Saudi Ampatuan. Kabilang sa mga napatay sa ambus na ito ang isang upisyal ng AFP.

Datu Piang. Bandang alas-10 ng umaga ng araw na iyon, tinambangan ng BIAF ang komposit na pwersa ng 54th IB at 61st Division Reconnaissance Company ng Philippine Army sa Barangay Andavit sa kanugnog na bayan ng Datu Piang. Labing-anim na sundalo ang napatay habang sampung iba pa ang nasugatan. Kabilang sa mga nasugatan ay isang upisyal na hindi rin pinangalanan ng AFP. Sa panig ng mga gerilyang Moro, nalagasan ito ng lima at nasugatan ng lima pang mandirigma nang matamaan ng mortar ang kanilang pwesto.

Noong Setyembre 27, pitong tropa ng AFP ang napatay sa parehong barangay nang tangkain nilang lusubin ang pinagkukutaan ng mga gerilyang Moro. Halos buong araw ang naging labanan. Habang pahupa ang labanan dito, sinalakay naman ng iba pang pwersa ng MILF-BIAF ang AFP Command Post sa kalapit na Barangay Balanakan.

Bago ito, dalawampu't walong sundalo ang napatay nang tambangan ng BIAF ang dumadaang komposit na pwersa ng AFP noong Setyembre 25. Pitong sundalo ang agarang napatay nang tamaan ang kanilang sasakyan ng mga *rocket-propelled grenade* (RPG). Tumagal ang labanan hanggang alas-7:30 ng gabi.

Guindolongan. Nagkaroon din ng labanan bandang hapon sa Barangay Muslim, Guindulongan, Maguindanao. Isang tangke ng AFP ang nawasak at isa pa ang bahagyang nasira, nabahura sa putikan at hindi na nakuha ng mga sundalo. Dalawang mandirigmang Moro ang naiulat na napatay.

Sa mga labanan noong Setyembre 23 at 24, umabot sa 29 na elemento ng AFP ang napatay at maraming iba pa ang nasugatan. Isang tangkeng Patton naman ang tinamaan ng RPG noong Setyembre 23. AB

43 bahay, sinunog ng militar

Pinakahuli sa mga kaso ng mga paglabag ng mga sundalo sa karapatang-tao sa North Cotabato at Maguindanao mula Agosto 15 ang pagsunog ng mga elemento ng 64th IB sa 43 bahay sa tatlong barangay sa Datu Saudi Ampatuan, Maguindanao. Naisadokumento ito ng Kawagib, isang organisasyong nagtataguyod sa karapatang-tao.

Kabilang din sa mga naitalang kaso ang walang pakundangang pambobomba ng Philippine Air Force na nakamatay sa isang sibilyan at naghasik ng takot sa mga nakikisilong sa isang *evacuation center*. Sumusunod ang pinakahuling mga ulat na nakalap ng *Ang Bayan*:

Setyembre 29-30. Sinunog ng mga elemento ng 64th IB ang 43 bahay ng mga sibilyang Moro sa mga barangay ng Pagatin, Sambulawan at Madia sa Datu Saudi Ampatuan, Maguindanao. Pinagbuntunan ng galit ng mga sundalo ang mga sibilyan matapos ang serye ng mga pagkatalo sa pakikipaglaban sa MILF.

Setyembre 27. Apat na sibilyang Moro ang pinagbabaril ng mga sundalo ng 602nd Infantry Brigade sa Carmen, North Cotabato. Galing sa trabaho ang mga Morong sibilyan nang paputukan sila sa tapat ng hedkwarters ng militar sa Barangay Poblacion, Carmen.

Agad na napatay si Larry Tontongan, isang residente ng Barangay Kibayao ng naturang bayan. Nawawala hanggang sa ngayon ang tatlo pa niyang kasamang manggagawa.

Setyembre 26. Nasugatan ang pitong sibilyan, kabilang ang apat na bata, nang magsagupaan ang mga pwersa ng Philippine Army at mga gerilyang Moro sa Barangay Balanaken, Datu Piang, Maguindanao.

Kinilala ng Mindanao Tulong Bakwit, isang *non-government organization* (NGO) ang mga biktima na sina Merpat Mohammad, 9; Abdullah Mohammad, 6; Datumanong Taculanga, 3; Mohaquira Montano, 8; Waras, 25; Norex Taculanga, 32; at Mustapha Kalusiang, 36. Nasa loob sila ng silid-aralan ng Datu Gumbay Elementary School sa Barangay Balanaken nang tamaan ng mga balang galing sa pusisyon ng mga sundalo. Ang paaralang pampublikong ito ay ginawang pansamantalang sentro ng ebakwasyon.



Setyembre 23. Pinagnakawan ng mga sundalo ng AFP ang ilang moske sa Piagapo, Lanao del Sur at sa mga bayan ng Poona Piagapo at Munai sa Lanao del Norte. Kabilang sa mga bagay na tinangay ng mga sundalo ang mga *carpet*, *prayer mat* at *sound system*.

Anim na moske rin sa prubinsya ng Maguindanao ang nawasak matapos ang tuluy-tuloy na panganganyon at pambobomba ng AFP noong huling linggo ng Agosto.

Setyembre 21. Buong maghapong kinanyon ng 105 mm *howitzer* ang Barangay Tanglaw at Nunungan sa Poona Piagapo, Lanao del Norte. Di bababa sa 200 bala ng *howitzer* ang bumagsak sa dalawang barangay. Mariing binatikos ng mga residente rito ang AFP dahil sinimulan ang panganganyon matapos silang sabihan ng mga sundalo na ligtas na silang makakauwi sa kani-kanilang mga tahanan.

Setyembre 20. Ilang magsasaka na nakatira sa hangganan ng Barangay Matungao at Linamon sa Lanao del Norte ang pinagpapatay ng mga elemento ng AFP at ng armadong grupong "Shepherd," ayon sa *Luwaran*, ang *website* ng MILF.

Setyembre 19. Isang magsasakang Moro ang pinaslang at isa pa ang nawawala at pinangangambahang pinatay na rin ng mga sundalo. Ang namatay na magsasaka ay si Yaser Markakim habang ang nawawala ay si Abdullah Gindo, parehong mga residente ng Talao, Piagapo, Lanao del Sur.

Ayon sa mga tagabaryo, basta na lamang namamaril ang mga nagooperasyong sundalo ng AFP ng mga natityempuhan nilang sibilyan, kabilang ang mga magsasakang umaasikaso sa kanilang mga maisan.

Setyembre 9. Isang sibilyan ang napatay nang maghulog ng anim na bomba ang isang OV-10 *bomber* ng Philippine Air Force sa Pagatin, Saudi Ampatuan, Maguindanao. Isa rin sa mga bomba ang bumagsak malapit sa *evacuation center*. AB

Halos 40 sundalo, napatay sa pakikipagsagupaan sa BHB sa Mindanao

DI bababa sa 39 na sundalo ang napatay sa mga sagupaan ng AFP at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga prubinsya ng Surigao del Sur at Davao Oriental mula Setyembre hanggang unang linggo ng Oktubre.

Ayon kay Roel Agustin II, tagapagsalita ng BHB sa Southern Mindanao, sinalakay ng lakingbrigadang pwersa ng AFP at PNP na kinabibilangan ng 36th IB, Division Reconnaissance Company, 67th IB, Scout Rangers Company at PNP 1105th Provincial Mobile Force ang saklaw ng Front 20 Operations Command ng BHB sa naturang mga prubinsya. Naging target ang mga elemento ng kaaway ng sunud-sunod na mga taktikal na opensiba ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Conrado Heredia Command.

Pinabulaanan ni Agustin ang ipinangangalandakan ni Maj. Armand Rico, tagapagsalita ng AFP Eastern Mindanao Command, na nagtamo ng maraming kaswalti ang BHB. Aniya, isang mandirigma lamang ng BHB ang namartir sa naganap na mga labanan.

Samantala, isang elemento ng CAFGU at dalawang sundalo ng Philippine Army ang namatay nang makipagsagupaan ang isang yunit ng 79th IB sa mga Pulang mandirigma sa Barangay Buenavista, Sta. Catalina, Negros Oriental nitong Oktubre 5.

Ika-36 anibersaryo ng batas militar, ginunita

ISANG programa ang inilunsad ng BAYAN, Karapatan at iba pang progresibong organisasyon noong umaga ng Setyembre 20 bilang paggunita sa ika-36 na anibersaryo ng pagpataw ng batas militar ng diktador na si Ferdinand Marcos. Binatikos nila ang nagpapatuloy na mga paglabag sa karapatang-tao, korapsyon at maling pamamalakad ng gubyerno. Ipinanawagan din ng mga raliyista ang pagpapalaya sa mga detenidong pulitikal. Sa 218 detenidong pulitikal na nakakulong ngayon sa iba't ibang piitan sa bansa, 198 dito o mahigit 90% ay nabilanggo mula nang umupo sa poder si Arroyo noong 2001.

Bilang bahagi ng paggunita, isinagawa ang isang isang *art exhibit* sa Bantayog ng mga Bayani Foundation sa Quezon City kung saan itinampok ang mga obra ng mga martir at nabubuhay pang aktibista. Nag-alay din ng mga tula, awitin at ritwal na mga sayaw para sa mga biktima ng batas militar na itinuturing na bayani ng mamamayang Pilipino.

Ginunita rin sa iba't ibang syudad ang isa sa pinakamadidilim na bahagi ng kasaysayan ng bansa. Isang porum ang idinaos sa Baguio City. Sa Laguna, isinalaysay ng "Tagaytay 5" at ni Pastor Berlin Guerrero ang kanilang naranasang pagpapahirap sa kamay ng kaaway. Sina Guerrero at ang "Tagaytay 5" (Aris Sarmiento, Axel Pinpin, Riel Custodio, Enrico Ybañez at Michael Masayes) ay mga bilanggong pulitikal na pinakawalan kamakailan matapos ibasura ng korte ang mga kasong isinampa laban sa kanila dahil sa kawalan ng batayan.

Nagkaroon din ng pagtitipon sa Lucena City at Angeles City.



Isang marker ang pinasinayaan noong Setyembre 21 sa mismong lugar sa Cabanbanan, Oton, Iloilo kung saan dinukot ng mga pinaghihinalaang sundalo sina Ma. Luisa Posa-Dominado, tagapagsalita ng SELDA-Panay, at Nilo Arado, tagapangulo ng BAYAN-Panay noong nakaraang taon. Kinahapunan ay nagdaos ng martsa-rali sa Iloilo City ang iba't ibang progresibong organisasyon.

Dalawang magkasunod na araw namang ginunita sa Negros ang batas militar at ang Escalante Massacre sa mga syudad ng Bacolod, Escalante at Guihulngan. Maaalalang 20 ang napatay at maraming iba pa ang nasugatan nang pagbabarilin ng mga pulis ang mga raliyista sa harap ng munisipyo ng Escalante, Negros Occidental noong Setyembre 22, 1985.

Sa Tacloban City, nagtipon sa isang rali sa harapan ng Santo Niño Shrine ang mga kasapi ng BAYAN, Gabriela at KMP mula sa Samar, Northern Samar, Biliran at Leyte. Ang Santo Niño Shrine ay isa sa mga malapalasyong bahay ni Imelda Romualdez Marcos, byuda ni Ferdinand Marcos.

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 19
Oktubre 7, 2008
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Rebolusyonaryong pakikibaka, tugon sa krisis sa kapitalismo



Ibayong kahirapan at pagdarahop ng mamamayan ang idinudulot ng kinasasadlakang resesyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Unang tinatamaan ngayon ng mga dagok ng krisis ang mga manggagawa at iba pang mamamayang Amerikano—laluna ang milyun-milyon at dumaraming walang trabaho at baon sa utang. Mas matitindi pang dagok ang idinudulot ng krisis sa mamamayan ng nakararaming naghihirap na bansa sa daigdig.

Niyanig nitong nakaraang buwan ang sistemang pampinansya sa US ng pagbagsak ng pinakamalalaking kumpanya sa pinansya sa bansa. Sinundan ito ng pagguho ng marami pang malalaking kumpanya sa pinansya sa Europe at Asia.

Ang kinalulubugan ngayong krisis ng US ang siya nang pinakamatindi sa loob ng nakaraang 80 taon. Tinatayang tuluyan itong tutungo sa depresyon pagsapit ng 2009. Sa paglala ng kasalukuyang krisis sa pinakasentro ng pandaigdigang kapitalismo ay tiyak na hihilahin nito ang buong pandaigdigang sistemang kapitalista.

Umaabot na sa trilyong dolyar ang iniluluwal ng US at iba pang kapitalistang bansa upang isalba ang mga nagbabagsakang kumpanya sa pinansya at pigilan ang paglala pa ng krisis. Pero nagbunsod lamang ito ng panibagong mga pagbagsak ng mga pamilihan sa pinansya, lalupa't pinatingkad lamang nito ang inabot nang lala ng krisis.

Habang papalala ang krisis, ibayo pang mabibigat na dagok ang idudulot nito sa ilang bilyong manggagawa at iba pang masang anakpawis sa daigdig, laluna sa nakararaming malakolonyal at malapyudal na bansa. Mahigpit na nakasalalay ang mga ekonomya ng mga ito sa US at iba pang pangunahing kapitalistang bansa. Ipinapapasan sa mga ito ang imperyalistang krisis na nagbubunga ng ibayong pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon, malawakang pang-aapi at kahirapan sa mamamayan.

Bunga ng ibayong kahirapan at pagdarahop na idinudulot ng krisis sa US at buong pandaigdigang sistemang kapita-

Mga tampok sa isyung ito...

Papatinding krisis ng kapitalismo PAHINA 2

Rebolusyonaryong klinikang bayan sa Albay PAHINA 8

43 bahay ng mga Moro, sinunog ng militar PAHINA 13

Mga instruksyon sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

a) Sa *print dialog*, i-*check* ang **Print as image**
b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
k) I-*click* ang **Properties**
d) I-*click* ang **Advanced**
e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type.* Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*